



Marso, 2017

Mga Napiling Kaganapan para sa Buwang Ito

Minami Hida Kenko Dojo

Sa Season na Ito ang Umpisa ng Pagbubukas

Ang Minami Hida Kenko Dojo ay isang pasilidad na kung saan maaaring matutunan at maranasan ang iba't ibang paraang pangkalusugan bilang layunin sa pagpapabuti sa kalusugan ng mga mamamayan sa Prepektura na kung saan maaari din na masubukan ang paggawa ng soba, forest bathing atbp. (kailangan ng reserbasyon). Karagdagan pa, sa Dojo ay mayroong pasilidad na matutuluyan sa pangalan na 「Camp Jomon」 na maaaring ma-refresh ang sarili sa tahimik na kagubatan. Masiyahan sa sandaling nakapagpapagaling na kalikasan.



Camp Jomon Cottage (Loob)

< **Tungkol sa Camp Jomon** >

- ◆ **Araw na Bukas:**
Abril 1, 2017 (Sabado) ~ Nobyembre 25, 2017 (Sabado)
Bukod sa araw ng Sabado, gayundin ang ibang araw.
Para sa detalye, tingnan ang homepage.
- ◆ **Lugar:** Minami-Hida Kenko Dojo
(Gero-shi Hagiwara-cho Shimi 1557-3)
- ◆ **Paraan ng Reserbasyon:**
Magpareserba 3 buwan bago ng naka-iskedyul na araw ng akomadasyon sa pamamagitan ng telepono.
- ◆ **Bayad:** ¥3,240 bawat 1 tao sa 1gabi
※Libre ang mga estudyante sa elementarya pababa.
- ◆ **Para sa Reserbasyon at Katanungan:**
Minami Hida Kenko Dojo
☎0576-55-0010 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)
Sarado tuwing Martes at Miyerkules (bukas kapag pista opisyal).
- ◆ **Hanaping Salita:** 南ひだ健康道場

● **Populasyon sa Prepektura**
2,021,768 (Nabawasan ng 776 katao.)

Lalaki: 979,547 (Nabawasan ng 366 katao.)
Babae: 1,042,221 (Nabawasan ng 410 katao.)
※Disyembre 1, 2016 hanggang kasalukuyan.
※Inihambing sa () ng nakaraang buwan.
Para sa bagong impormasyon, tingnan ang homepage ng Gifu Prefectural Statistics Division.

岐阜県 人口 hanapin

Facebook 「清流の国岐阜」

Kasalukuyang Makikita sa Minamo Dayori!!

Prefectural Government Public Relations TV Program
「Gifu Prefecture Government Hotline」 - Televisive
(Palabas) Huwebes 18:53~18:57
(Replay) Linggo 20:56~21:00

Ipapalabas sa
Gifu Channel (8ch).
Manood kayo !



フェイスブック 岐阜県 ミナモトより hanapin

Ebento sa Tagsibol

「Pamumulaklak sa Showa Mura」 — Isasagawa



Cherry Blossom at Tulip Fields sa Showa Mura

Maraming bulaklak ang tagsibol ng Nihon Showa Mura! Napakarilag ng 1,200 na puno ng cherry blossom at 24,000 na tulip na sumisibol sa site na may 16 ulit na lawak ng Nagoya Dome. Mayroon din advantage coupon para mabusog sa mga ibinebentang sweets ng tagsibol. Mabusog at masiyahan sa pamamasyal sa Showa Mura.

- ◆ **Panahong Bukas:**
Marso 11, 2017 (Sabado) ~ Abril 23, 2017 (Linggo)
- ◆ **Lugar:** Heisei Memorial Park Nihon Showa Mura
(Minokamo-shi Yamanoue-cho 2292-1)
- ◆ **Admission Fee:** Adulto ¥830; Bata ¥400; Senior Citizen ¥600
- ◆ **Para sa Katanungan:** Nihon Showa Mura
☎0574-23-0066 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)
FAX 0574-23-0080

Kahon ng Impormasyon

Impormasyon Nagbukas ng Libreng Tanggapan ng Konsultasyon May Kinalaman sa Bakanteng Bahay
Para sa mga nagmamay-ari ng bakanteng bahay, nagbukas ng tanggapan na tutugon ng libre sa iba't ibang konsultasyon tulad ng tamang pamamahala at paggamit (buy & sell at pagpapa-upa), pagpapagiba at iba pa.

- **Petsa at Oras:** Tuwing Martes at Biyernes 1:00 p.m ~ 4:00 p.m.
- **Lugar:** Gifu Prefecture Housing Corporation (Ogaki-shi Imajuku 6-52-18 Workshop 24 6thFlr.)
- **Paraan ng Aplikasyon:** Mag-apply sa pamamagitan ng telepono o e-mail.
- **Para sa Aplikasyon · Katanungan:** Gifu Prefectural Housing Corporation
☎ 0584-81-8511 (tumutugon sa wikang Hapon lamang) E-mail: kanri-2@juko.gifu-djr.or.jp
- **Hanaping Salita:** 空き家・すまい総合相談

Impormasyon Pagsasagawa ng Patrol ng Konsultasyon ng Aksidente sa Trapiko (LIBRE)

Ang tagapayo ng aksidente sa trapiko ay tutugon sa iba't-ibang mga konsultasyon tulad ng sa porsyento ng nagawang kapabayaanan at kabayaran sa pinsala.

- **Lugar at Petsa:** Tajimi City Hall Marso 2, 2017 (Huwebes); Abril 6, 2017 (Huwebes)
Kamo Regional Branch Office Marso 10, 2017 (Biyernes)
Hida Regional Branch Office Marso 22, 2017 (Miyerkules)
Alinman ay 10 : 00 a.m. ~ 3 : 00 p.m.

● **Paraan ng Konsultasyon:** Panayam ※first come, first served (6 na tao sa bawat araw)

● **Tanggapan:** Tumawag para sa reserbasyon hanggang sa bago ng araw ng konsultasyon.

● **Para sa Aplikasyon at Katanungan:** General Consultation Center for Gifu Citizens

☎058-277-1001 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

※Tumatanggap ng konsultasyon sa pamamagitan ng telepono anumang oras.

● **Hanaping Salita:** 岐阜県 交通事故相談

Pangangalap 「Muling Tuklasin ang Pangarap sa Pagsasanay sa Agrikultura」 - Nangangalap ng Mag-aaral

Para sa mga taong nag-iisip mag-umpisa ng agrikultura sa Prepektura, nangangalap ng mga mag-aaral na matututo sa pamamagitan ng pagtuturo at pagsasanay sa pag-aaral ng pangunahing kaalaman sa agrikultura.

● **Petsa at Oras:** Abril 17, 2017 (Lunes) ~ Setyembre 15, 2017 (Biyernes); 9:00 a.m ~ 4:15 p.m. ng karaniwang araw

● **Lugar:** Gifu Prefecture Agriculture Academy (Kani-shi Sakado 938)

● **Bayad:** Libre

● **Paraan ng Aplikasyon:** Mag-apply sa detalyeng nasa ibaba sa Marso 1, 2017 (Miyerkules) ~ Marso 28, 2017 (Martes).

● **Para sa Katanungan:** Gifu Prefecture Agriculture Academy Registrar's Office

☎0574-62-1226 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

Impormasyon Tumatanggap ng Aplikasyon para sa Single Parent Welfare Fund Loan (Para sa edukasyon at iba pa.)

Nagpapahiram sa mga single parent upang suportahan ang pangangailangan ng mga anak na estudyante sa gastusin sa pag-aaral, enrollment fee atbp. sa pagpasok sa unibersidad.

● **Limitasyon ng Loan:** Buwanang halaga ¥27,000 hanggang ¥96,000

※Mababago depende sa klase ng paaralan kaya makipag-ugnayan para sa detalye.

● **Panahon ng Pagbabayad:** Sa loob ng 10 taon (Mag-uumpisa ang pagbabayad pagkalipas ng itinakdang panahon ng pagpapaliban sa bayad matapos makapagtapos sa pag-aaral.)

● **Para sa Aplikasyon:** Kung kayo ay naninirahan sa lungsod, mag-aplay sa Welfare Division ng lungsod; kung kayo ay naninirahan sa nayon, mag-aplay sa Gifu Regional Welfare Office o bawat Regional Branch Office - Welfare Division ng area. Ang panayam tungkol sa nabanggit sa itaas ay ginagawa sa city hall at tanggapan ng Prepektura.

● **Para sa Katanungan:** City Hall, Regional Branch Office o Prefectural Gov't. Office Child and Family Division na nabanggit sa itaas para sa aplikasyon.

☎058-272-8326 (tumutugon sa wikang Hapon lamang)

● **Hanaping Salita:** 岐阜県母子父子寡婦貸付金

Pangangalap Nangangalap ng Proyektong Susuportahan ng "Gifu Ken Ai No Tomoshihi Fund"

Sa pamamagitan ng nalikom na donasyon, susuporta sa mga organisasyon sa pagsasakatuparan sa ginagawang proyekto ng pangangalaga.

● **Para Kanino:** Social Welfare Corporations at mga NPO na kinilala ng Gobernador na kailangang tulungan sa isinasagawang proyekto.

● **Saklaw na Proyekto:** Maintenance ng pasilidad, kagamitan at iba pa

● **Paraan ng Aplikasyon (Application Form):** Ipinamamahagi sa Welfare Division ng munisipyo.

● **Deadline ng Aplikasyon:** Dapat matanggap ng tanggapan hanggang Mayo 8, 2017 (Lunes)

● **Ipadala ang dokumento sa:** Municipal Welfare Division

● **Para sa Katanungan:** Prefectural Gov't. Office Regional Welfare and National Health Insurance Division

☎058-272-8261 (tumutugon sa wikang Hapon lamang) FAX 058-278-2651

● **Hanaping Salita:** 岐阜県愛のともしび基金

Pangangalap Nangangalap ng mga Mag-aaral para sa 「Note-taker Training Course」

Maaaring magkaroon ng kaalaman at kasanayan na kailangan ng isang note-taker sa interpretasyon ng nilalaman ng usapan sa pamamagitan ng mga karakter para sa mga may kapansanan sa pandinig.

● **Petsa:** mula Abril, 2017 hanggang Enero, 2018 araw ng Linggo (May kabuuang 24 na beses.)

● **Lugar:** Ogaki-shi Sogo Fukushi Kaikan (Ogaki-shi Baba-cho 124)

● **Kapasidad:** Handwriting Course - 20 katao PC Course - 20 katao

● **Bayad:** LIBRE (textbook lang ang babayaran)

● **Deadline ng Aplikasyon:** Dapat matanggap ng tanggapan hanggang Marso 31, 2017 (Biyernes)

● **Paraan ng Aplikasyon:** Mangyaring makipag-ugnayan sa ibaba.

● **Para sa Aplikasyon at Katanungan:** Gifu Deaf Center

☎058-213-6786 (tumutugon sa wikang Hapon lamang) FAX 058-275-6066

Ang impormasyong ito ay para sa kasalukuyan ng Pebrero 2, 2017.

Para sa katanungan sa mga impormasyong nasa itaas, makipag-ugnayan sa:

Gifu Ken Public Relations Division ☎058-272-1111 (Dir. Ln.) (tumutugon sa wikang Hapon lamang) FAX 058-278-2506

Sa pakikipagtulungan ng: Gifu International Center <http://www.gic.or.jp>